





DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

BAGONG PILIPINAS







# Pisikal na Heograpiya

## ng Timog-Silangang Asya

ARALING PANLIPUNAN 7
UNANG TERMINO | UNANG LINGGO

Ikalawang Araw




# Mapa-ready na ba, Grade 7?

Ang bawat lugar sa daigdig ay may sariling "*address*"
na tumutulong upang matukoy ang **eksaktong** kinalalagyan nito.

Sa pamamagitan ng **LOKASYON**,
mas nauunawaan kung saan matatagpuan
ang mga bansa, rehiyon, at kontinente
at kung paano sila nagkakaugnay.








# 🚩 Tama ang Direksyon o Naliligaw?



Isulat ang **APPROVED** kung **TAMA** ang pahayag at **REJECTED** kung **MALI.**

1. Ang **Prime Meridian** ang imahinaryong guhit na naghahati sa daigdig sa Hilaga at Timog Hating-Daigdig. **REJECTED** **Ekwador**
2. Ang Ekwador ay matatagpuan sa 0° latitude. **APPROVED**
3. Ang mga guhit ng **longitude** ang sumusukat ng layo ng isang lugar mula sa Ekwador. **REJECTED** **latitude**
4. Ang International Date Line ay ginagamit bilang batayan ng pagbabago ng petsa sa mundo. **APPROVED**
5. Ang Nanyang at Nan'yo na nangangahulugang **Land of Gold** ay ilan sa mga sinaunang tawag sa Timog-Silangang Asya. **REJECTED** **South Seas**






# Tama ang Direksyon o Naliligaw?



Isulat ang **APPROVED** kung **TAMA** ang pahayag at **REJECTED** kung **MALI.**

6. Ang **absolute location** ay inilalarawan gamit ang mga kalapit na bansa at anyong tubig. **REJECTED** **Relative Location**
7. Ang Timog-Silangang Asya ay isa sa **pitong rehiyon** ng Asya. **REJECTED** **limang rehiyon**
8. Ang mga guhit ng **latitude** ay tumatakbo mula Hilaga patungong Timog. **REJECTED** **longitude**
9. Ang lokasyon ng isang lugar ay maaaring ilarawan gamit ang absolute location at relative location. **APPROVED**
10. Ang Pilipinas ay bahagi ng rehiyong Timog-Silangang Asya. **APPROVED**





Ang **lokasyon** ay parang **pin** sa mapa,
ipinapakita nito kung nasaan ang isang lugar.

Ngunit hindi sapat na malaman lamang ang kinalalagyan nito upang lubos itong makilala.


Parang tao rin iyan,
hindi dahil alam ang kaniyang ***address***
ay kilala na agad kung ***sino*** siya.


Sa pamamagitan ng mga anyong lupa,
anyong tubig, at iba pang likas na katangian,
higit na nakikilala ang isang lugar
at nauunawaan kung bakit ito **natatangi.**





# Ito ang saklaw ng **HEOGRAPIYA.**



Heograpiya
Nagmula ang salitang ito
sa mga salitang Griyego na geo
na nangangahulugang daigdig
at graphein na nangangahulugang
sumulat o maglarawan.




Sa madaling salita,
ang **HEOGRAPIYA**
ay pag-aaral
at paglalarawan sa
daigdig kabilang ang
mga anyong lupa,
anyong tubig,
at ugnayan ng tao sa
kaniyang kapaligiran.

Sa **Timog-Silangang Asya,** makikita ang iba't ibang kabundukan, ilog, dagat, bulkan, fault, at mga tectonic plate na humubog sa kasalukuyang anyo ng rehiyon at may malaking impluwensiya sa kabuhayan, kultura, at pamumuhay ng mga tao.



Bago matukoy kung bakit natatangi ang pisikal na katangian ng Timog-Silangang Asya, mahalagang makilala muna ang mga pangunahing anyong bumubuo rito. Karamihan sa mga katangiang makikita sa rehiyon ay nabibilang sa dalawang pangkat:

## Anyong Lupa

- mga likas na bahaging bumubuo sa kalupaan








## Anyong Tubig

- mga likas na bahaging binubuo ng tubig sa ibabaw ng daigdig















# ANO AKO?

## Hulaan ang Mukha ng Kalikasan!

Tukuyin kung anong

**Anyong Lupa** o **Anyong Tubig**

ang inilalarawan sa bawat bilang.








# ANO AKO?

## Hulaan ang Mukha ng Kalikasan!

Tukuyin kung anong **Anyong Lupa** o **Anyong Tubig** ang inilalarawan sa bawat bilang.














Mataas na anyong lupa na karaniwang may matarik na dalisdis.

**Bundok**



# ANO AKO?

## Hulaan ang Mukha ng Kalikasan!

Tukuyin kung anong 🏞️ **Anyong Lupa** o 🌊 **Anyong Tubig**
ang inilalarawan sa bawat bilang.













Lupaing napaliligiran ng tubig.

**Pulo**











# ANO AKO?

## Hulaan ang Mukha ng Kalikasan!

Tukuyin kung anong **Anyong Lupa** o **Anyong Tubig** ang inilalarawan sa bawat bilang.














Pangkat o grupo ng mga pulo.

**Kapuluan**

# ANO AKO?

## Hulaan ang Mukha ng Kalikasan!

Tukuyin kung anong **Anyong Lupa** o **Anyong Tubig** ang inilalarawan sa bawat bilang.



Lupaing napaliligiran ng tubig sa tatlong panig.

**Tangway (Peninsula)**






# ANO AKO?

## Hulaan ang Mukha ng Kalikasan!

Tukuyin kung anong **Anyong Lupa** o **Anyong Tubig** ang inilalarawan sa bawat bilang.



Anyong lupang may awang o bunganga kung saan maaaring magbuga ng abo, lava, at gas.



**Bulkan**








# ANO AKO?

## Hulaan ang Mukha ng Kalikasan!

Tukuyin kung anong **Anyong Lupa** o **Anyong Tubig** ang inilalarawan sa bawat bilang.



Umaagos na anyong tubig mula mataas patungo sa mababang lugar.

**Ilog**








# ANO AKO?

## Hulaan ang Mukha ng Kalikasan!

Tukuyin kung anong 🏞️ **Anyong Lupa** o 🌊 **Anyong Tubig** ang inilalarawan sa bawat bilang.









Malawak na anyong tubig na maalat at karugtong ng karagatan.

**Dagat**

# ANO AKO?

## Hulaan ang Mukha ng Kalikasan!

Tukuyin kung anong 🏞️ **Anyong Lupa** o 🌊 **Anyong Tubig** ang inilalarawan sa bawat bilang.



Makitid na daanang tubig na nagdurugtong sa dalawang mas malaking anyong tubig.

**Kipot**




















# ANO AKO?

## Hulaan ang Mukha ng Kalikasan!





Tukuyin kung anong **Anyong Lupa** o **Anyong Tubig** ang inilalarawan sa bawat bilang.



Malalim na bahagi ng tubig na may makitid na bukana at halos naliligiran ng kalupaan.

**Golpo**




# ANO AKO?

## Hulaan ang Mukha ng Kalikasan!


Tukuyin kung anong 🏞️ **Anyong Lupa** o 🌊 **Anyong Tubig** ang inilalarawan sa bawat bilang.





Malapad na bahagi ng tubig na nakapasok sa lupaing nakakurba paloob dito

**Look**





## Ang mga ito ay hindi lamang makikita sa mga larawan at mapa.

Matatagpuan din ang marami sa kanila sa iba't ibang bahagi ng Timog-Silangang Asya at may mahalagang papel sa paghubog ng rehiyon.



**Bundok**



**Pulo**



**Kapuluan**



**Tangway (Peninsula)**



**Bulkan**



**Ilog**



**Dagat**



**Kipot**



**Golpo**




**Look**



# Bundok

Mataas na anyong lupa na karaniwang may matarik na dalisdis.



**Halimbawa:**



## Hkakabo Razi (Myanmar)

Ito ang pinakamataas na bundok sa Timog-Silangang Asya na may taas na mahigit 5,800 metro. Dahil sa matinding elebasyon nito, nababalutan ng yelo ang tuktok nito sa kabila ng pagiging bahagi ng tropikal na rehiyon.



# Pulo

Lupaing napaliligiran ng tubig.




## Halimbawa:




# Borneo

Ito ang ikatlong pinakamalaking pulo sa daigdig. Natatangi ito sapagkat nahahati sa teritoryo ng tatlong bansa: Indonesia, Malaysia, at Brunei.





# Kapuluan

Pangkat o grupo ng mga pulo.



## Halimbawa:




# Indonesia

Ito ang pinakamalaking estadong kapuluan (archipelagic state) sa buong mundo. Binubuo ito ng mahigit 17,000 pulo.





# Tangway (Peninsula)



Lupaing napaliligiran ng tubig
sa tatlong panig.

**Halimbawa:**




## Malay Peninsula

Isang malawak na tangway na napapaligiran ng tubig sa tatlong panig. Matatagpuan dito ang mga bahagi ng Malaysia, Thailand, at Myanmar, kaya nagsisilbi itong mahalagang tulay sa pagitan ng mainland at maritime Timog-Silangang Asya.



# Bulkan

Anyong lupang may awang o bunganga kung saan maaaring magbuga ng abo, lava, at gas.



**Halimbawa:**

## Bulkang Mayon
(Pilipinas)



## Bulkang Krakatoa
(Indonesia)



Matatagpuan ang maraming aktibong bulkan sa Timog-Silangang Asya dahil kabilang ang malaking bahagi ng rehiyon sa Pacific Ring of Fire. Nakapagbibigay ang mga bulkan ng matabang lupa para sa agrikultura ngunit maaari ring magdulot ng panganib kapag pumutok.



# Ilog

Umaagos na anyong tubig mula mataas patungo sa mababang lugar.



**Halimbawa:**




# Mekong River


Isa sa pinakamahalagang ilog sa Timog-Silangang Asya. Dumadaloy ito sa ilang bansa kabilang ang Myanmar, Laos, Thailand, Cambodia, at Vietnam bago umabot sa dagat. Mahalaga ito sa transportasyon, agrikultura, at pangingisda sa rehiyon.





# Dagat

Malawak na anyong tubig na maalat at karugtong ng karagatan.



**Halimbawa:**




# South China Sea

Isang malawak na anyong tubig na nagsisilbing mahalagang rutang pangkalakalan sa Asya.



Mayaman din ito sa yamang-dagat at iba pang likas na yaman.



# Kipot

Makitid na daanang tubig na nagdurugtong sa dalawang mas malaking anyong tubig.



## Halimbawa:




## Kipot ng Malacca

Isang makitid na daanan ng tubig sa pagitan ng Sumatra at Malay Peninsula. Isa ito sa pinakamahalagang rutang pandagat sa mundo dahil nagdurugtong ito sa Karagatang Indian at Karagatang Pasipiko.





# Golpo

Malalim na bahagi ng tubig na may makitid na bukana at halos naliligiran ng kalupaan.



**Halimbawa:**




# Gulf of Thailand

Isang malawak na golpo sa Timog-Silangang Asya na napapaligiran ng Thailand, Cambodia, at Vietnam; mahalaga ito sa



pangingisda, kalakalan, at likas na yamang-dagat ng rehiyon.




# Look

Malapad na bahagi ng tubig na nakapasok sa lupaing nakakurba paloob dito



**Halimbawa:**

## Manila Bay
(Pilipinas)




## Ha Long Bay
(Vietnam)



Mga kilalang look sa Asya; ang Ha Long Bay ay UNESCO site na may limestone islands, habang ang Manila Bay ay makasaysayang daungan at sentro ng kalakalan sa Pilipinas.


Bundok
Hkakabo Razi
Ilog Mekong
Myanmar
Laos
Thailand
Vietnam
Cambodia
Golpo ng
Thailand
Dagat
Timog
Tsina
Look ng
Maynila
Bulkang
Mayon
Philippines
Brunei
Tangway
ng Malay
Pulo ng
Borneo
Malaysia
Kipot ng
Malacca
Singapore
Kapuluan ng
Indonesia
Indonesia
Bulkang
Krakatoa
Timor-Leste

# Sa unang tingin, tila magkakaibang bahagi lamang ng kalikasan ang mga bundok, bulkan, pulo, ilog, at dagat.




Ngunit hindi sila parang mga gusaling bigla na lamang sumulpot sa isang subdivision.

**Ang bawat isa ay may sariling kuwento ng pagbuo na nagsimula pa milyon-milyong taon na ang nakalilipas.**

## Ang kasalukuyang anyo ng Timog-Silangang Asya ay bunga ng napakahabang pagbabago sa ibabaw ng daigdig.

Upang maunawaan kung bakit ganito ang hitsura ng rehiyon sa kasalukuyan, mahalagang balikan ang **KASAYSAYAN NG MISMONG DAIGDIG.**







Milyong taon ang nakalipas,
wala pang mga kontinenteng
gaya ng nakikita
sa kasalukuyan.
Ang malaking bahagi
ng kalupaan ng daigdig
ay magkakakabit at bumubuo
sa isang napakalaking
supercontinent
na tinatawag na **Pangaea.**





Ayon sa
**Continental Drift Theory**
ni **Alfred Wegener,**
unti-unting naghiwalay
at gumalaw ang mga
kalupaang ito sa loob
ng napakahabang panahon.




Dahil sa paggalaw na ito,
nabuo ang mga
kontinente at karagatang
kilala natin ngayon.




Ang mga pagbabagong ito ang isa sa mga dahilan kung bakit nagkaroon ng iba't ibang anyong lupa at kapuluan sa Timog-Silangang Asya.



## Ngunit paano nga ba nagagawa ng mga kontinente at kalupaan na gumalaw?

Ipinaliliwanag ito ng
**Teoryang Tectonic Plate.**


Hindi iisang buo at nakapirming piraso ang ibabaw ng daigdig. Ang **crust** o balat ng lupa ay nahahati sa malalaking tipak ng bato na tinatawag na **tectonic plates,** na patuloy na gumagalaw kahit hindi ito napapansin ng tao.





Maaaring ihambing ang mga tectonic plate sa mga piraso ng balat ng nilagang itlog na magkakadikit ngunit may mga bahaging **nag-uumpugan**, **nagkikiskisan**, o **naghihiwalay** habang gumagalaw.

Matatagpuan ang Timog-Silangang Asya sa tagpuan ng ilang malalaking tectonic plate, kabilang ang **Eurasian Plate, Philippine Sea Plate,** at **Indo-Australian Plate.** Dahil dito, madalas na naaapektuhan ang rehiyon ng mga prosesong nagaganap sa ilalim ng daigdig.





Kapag nagsasalubong, **nag-uumpugan,** o **naghihiwalay** ang mga plate na ito, maaaring mabuo ang mga kabundukan, bulkan, fault, at malalalim na bahagi ng karagatan.  Maaari rin itong magdulot ng mga **lindol** at **pagputok ng bulkan.**







Dahil sa kinalalagyan nito, kabilang ang malaking bahagi ng Timog-Silangang Asya sa **Pacific Ring of Fire,** isang malawak na sona sa paligid ng **Karagatang Pasipiko** kung saan madalas nagaganap ang mga lindol at pagputok ng bulkan.

Ang mga puwersang ito mula sa ilalim ng daigdig ang patuloy na humuhubog at nagpapabago sa pisikal na katangian ng rehiyon hanggang sa kasalukuyan.



Dahil dito, nagtataglay ang Timog-Silangang Asya ng natatanging mga anyong lupa at anyong tubig na may mahalagang papel sa pamumuhay ng mga tao sa rehiyon.

# Buo Noon, Hiwalay Ngayon

Punan ang patlang ng tamang salita upang mabuo ang kaisipan ng talata.

Noong unang panahon, ang mundo ay binubuo lamang ng isang supercontinent na tinatawag na **(1) Pangaea.** Ngunit dahil sa teorya ng **(2) Continental Drift,** unti-unting naghiwalay ang mga lupain. Sa kasalukuyan, ang rehiyon ay nakaupo sa mga nag-uumpugang malalaking tipak ng bato na tinatawag na **(3) Tectonic Plates.** Dahil dito, ang Timog-Silangang Asya ay kabilang sa tanyag na **(4) Pacific Ring of Fire** kung saan laging may pagputok ng bulkan at madalas na pagyanig o **(5) lindol.**